International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | Pansariling Kakayahan ng mga Guro sa Filipino sa Pagsulat ng Aksyon Pananaliksik |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*.<br><br>Dagdag pa rito, napansin na karamihan sa mga sanggunian ay hindi matatagpuan online. Mangyaring iberepika ang lahat ng sanggunian at tiyakin ang katumpakan. Maglagay ng wastong website link o DOI sa bawat sanggunian, at siguraduhing tumutugma ang detalye ng sanggunian sa ibinigay na link o DOI. Ang lahat ng sanggunian ay isa-isang susuriin para sa beripikasyon.<br><br>Bukod pa rito, tiyakin na ang mga seksyong Resulta at Talakayan ay magkahiwalay na inilalahad, alinsunod sa pormat ng journal. Ang seksyong “Resulta” ay dapat maglaman lamang ng mga talahanayan kasama ang kaukulang interpretasyon, nang walang pagsasama ng mga sumusuportang literatura. Ang integrasyon ng kaugnay na literatura ay dapat ilagay sa seksyong “Talakayan,” kung saan inaasahang iuugnay at ihahambing ninyo ang inyong mga natuklasan sa mga umiiral na pag-aaral. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Mahalaga at napapanahong paksa ang papel dahil nakatuon ito sa aksyon ng pananaliksik ng mga guro sa Filipino, na may malinaw na kabuluhan sa konteksto ng paaralan at propesyon ng mga guro. May praktikal na ambag ang pag-aaral at makikita na may potensiyal itong makatulong sa pagpapalakas ng kultura ng pananaliksik sa hanay ng mga guro. Gayunpaman, ang pangunahing usapin na dapat higit na pagtibayin ay ang kalinawan at pagkakatugma ng |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| metodolohiya ng pag-aaral. Sa kasalukuyang anyo, kapwa inilalahad ang kwantitatibo at kwalitatibong bahagi, ngunit hindi sapat na naipapakita kung paano nagkaugnay ang dalawang ito bilang iisang lohikal at magkakaugnay na disenyo. Dahil dito, humihina nang kaunti ang bigat ng mga konklusyon kahit maganda ang pangkalahatang direksiyon ng mga natuklasan. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Mas makabubuti kung pagtutuunan ng mga may-akda ang pagpapatibay sa metodo at sa pagkakaayon ng buong disenyo ng pag-aaral. Binanggit na multimethod approach ang ginamit, ngunit hindi malinaw kung ano talaga ang tiyak na disenyo, paano pinili ang mga kalahok sa panayam mula sa 40 respondente, ilan ang aktuwal na nakapanayam, at paano ginamit ang kwalitatibong datos upang palalimin o suportahan ang kwantitatibong resulta. Kailangan ding higit na linawin ang proseso ng pagbuo, pagberipika, at *reliability* ng mga instrumento, lalo na dahil may researcher-made questionnaire at ang *pilot testing* ay isinagawa sa mga gurong Ingles samantalang ang target na kalahok ay mga gurong Filipino. Nagdudulot ito ng pag-aalinlangan sa akma at tibay ng panukat. Sa bahagi rin ng resulta, masyadong malawak ang interpretasyon sa *correlation findings* kung isasaalang-alang ang maliit na bilang ng kalahok at ang pangkalahatang deskriptibong saklaw ng datos. Kapag nalinaw ng mga may-akda ang disenyo ng pag-aaral, pagpili ng kalahok sa panayam, katibayan ng kalidad ng instrumento, at lohika ng pagsasanib ng dalawang uri ng datos, mas magiging matibay at kapani-paniwala ang papel. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Maraming salamat sa pagkakataong marebyu ang manuskritong ito. Binabati ko ang mga awtor sa pagtalakay ng sariling kakayahan at mga hamon ng mga guro ng DepEd sa Filipino patungkol sa pagsulat ng aksyon pananaliksik. Maganda at napapanahon ang paksa, lalo na at patuloy na isinusulong ang evidence-based na pagtuturo sa basic education. Maayos din ang pagkakasulat ng papel sa pangkalahatan. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Gumamit ang mga awtor ng convenience sampling para kumuha ng 40 na kalahok. Para sa isang quantitative na pag-aaral na naglalayong makita ang makabuluhang ugnayan |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| |
|---|
| (correlation), masyadong maliit at underpowered ang N=40, kaya malaki ang tsansa nitong magkaroon ng selection bias. Dahil ang sample ay kinuha lang sa iisang division (Abra) gamit ang convenience sampling, hindi sapat ang datos para sabihing kinakatawan nito ang kabuuang populasyon ng DepEd Filipino teachers. Kung gusto ninyong panatilihin ang quantitative part, kailangan ninyo ng mas malaking *sample size* at mas maayos na sampling technique (tulad ng random sampling). |
| Sinasabi sa papel na gumamit ito ng *multimethod research approach*, pero ang kwalitatib at kwantitiatib na resulta ay ipinakita lang nang magkahiwalay at hindi talaga pinag-ugnay (integrated). Sa kwantitatib na bahagi, masyadong basic ang statistical tools *(Mean at Bivariate Correlation).* Dahil kakaunti ang sample size, medyo kuwestiyonable ang *reliability* ng *correlation coefficients* na nasa Talahanayan 3. Sa kwalitatib na bahagi, masyadong mababaw ang *thematic analysis* sa Talahanayan 4. Ang pag-quote sa isa o dalawang guro kada tema ay hindi sapat para magbigay ng malalim na kwalitatib na pag-unawa. Ang isang magandang *mixed-method* o *multimethod* na papel ay dapat ginagamit ang kwalitatib na datos para ipaliwanag ang bakit sa likod ng kwantitatib na resulta (halimbawa, bakit naging "Neutral" lang ang score sa metodolohiya?), at hindi lang basta maglista ng mga karaniwang hamon. |
| Kailangang malinaw na maipakita kung ano ang bagong ambag *(novel contribution)* ng pag-aaral na ito. Sa introduksyon, nag-cite na kayo ng ilang awtor (hal., Caabas et al., 2024; Francisco, 2020; Garcia & Ramos, 2019) na nagsabing nahihirapan ang mga guro sa pananaliksik dahil sa kakulangan sa oras, mabigat na trabaho, at kakulangan sa resources. Ang mga lumabas na resulta sa inyong pag-aaral (Talahanayan 4) ay inulit lang ang mga hamong ito. Ano ang bagong kaalaman dito? Dapat mas malinaw ninyong tukuyin kung ano ang research gap na gusto ninyong punan, bukod sa pagpapalit lang ng mga kalahok tungo sa mga guro ng wikang Filipino. |
| Dahil ang inyong mga nakita ay mga karaniwang hamon na alam na ng marami sa *academe*, nagiging masyadong *generic* din ang inyong mga rekomendasyon (halimbawa: dapat magbigay ng training ang DepEd, bawasan ang trabaho, magbigay ng mas maraming oras). Madalas na itong mairekomenda sa napakaraming pag-aaral. Iminumungkahi ko na magbigay kayo ng mas tiyak at direktang aksyon na nakapokus talaga sa mga guro ng wikang Filipino batay sa mismong datos na inyong nakalap. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

**IKALAWANG YUGTO**

| **Decision** | **Editor** | **Tagasuri 1** | **Tagasuri 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |